

Para sa Mga Dayuhan na Nakarehistro bilang Mga Residente sa Japan

Simula sa Oktubre 2015, aabisuhan ka tungkol sa iyong 12-digit na Social Security at Tax Number (tinatawag ding Indibidwal na Numero o “Aking Numero”).

1. Ano ang Indibidwal na Numero (tinatawag ding “Aking Numero”)?

Ibinibigay ang Mga Indibidwal na Numero sa ilalim ng Social Security at Tax Number System, na batayan sa pag-uugnay at pagsasama-sama ng personal na impormasyong ibinibigay sa maraming ahensya sa ilalim ng pangalan ng taong nagmamay-ari nito. Ang System ay nagsisilbing social infrastructure upang pagbutihin ang pagiging epektibo at transparent ng mga social security at tax system, padaliin ang mga bagay-bagay para sa publiko at gumawa ng patas at makatarungang lipunan.

Ang mga dayuhan na nakarehistro bilang mga residente sa Japan (mga mid-term na residente, espesyal na permanenteng residente, atbp.) ay makakatanggap din ng kanilang Mga Indibidwal na Numero.

2. Kailan gagamitin ang Indibidwal na Numero

- ◆ Ipapakita mo ang iyong Indibidwal na Numero sa iyong employer upang magamit sa paggawa ng mga certificate ng kita at withholding tax, na kinakailangan para sa mga pamamaraan sa buwis at social security.
- ◆ Ipapakita mo ang iyong Indibidwal na Numero sa mga security firm at kumpanya ng insurance upang ilagay sa mga legal na dokumentong ginagamit para sa mga pamamaraan sa buwis.
- ◆ Ipapakita mo ang iyong Indibidwal na Numero sa tanggapan ng pensyon upang kunin ang iyong mga benepisyo ng pensyon para sa empleyado.
- ◆ Ipapakita mo ang iyong Indibidwal na Numero sa tanggapan ng iyong munisipyo upang tumanggap ng mga benepisyo para sa kapakanan.

3. Kinakailangang pamamaraan

- ◆ Magpapadala ang tanggapan ng munisipyo ng card ng abiso sa iyong nakarehistrong address.
Maaaring hindi mo matanggap ang card ng abiso kung hindi nakarehistro ang iyong kasalukuyang address. Pakikumpirma ang iyong nakarehistrong address nang mas maaga.
- ◆ Simula sa Oktubre 2015, makakatanggap ang bawat sambahayan, sa pamamagitan ng nakatalang paghahatid, ng sobre na naglalaman ng mga card ng abiso na nagpapakita ng Mga Indibidwal na Numero ng mga miyembro ng sambahayan. Mahalaga ang card na ito dahil pinapatunayan nito ang iyong Indibidwal na Numero sa mga pamamaraan sa buwis at social security.
Mag-ingat upang hindi magkamaling maitapon ito.
- ◆ Maaari kang mag-apply para sa isang Card ng Indibidwal na Numero.
May ilang opsyon sa pag-a-apply, gaya ng pagpapadala sa pamamagitan ng koreo ng aplikasyon para sa Card ng Indibidwal na Numero na may kalakip na larawan ng iyong mukha, o pag-a-apply online nang may larawan ng iyong mukha na kinunan gamit ang isang smartphone. Ilalarawan ang mga detalyadong pamamaraan ng aplikasyon sa materyal para sa tagubilin na kalakip ng sobrang ihahatid bago ang o pagkalipas ng Oktubre 2015.
- ◆ Pagkatapos nito, matatanggap mo na ang iyong Card ng Indibidwal na Numero.
Sa Enero o mas huling bahagi ng 2016, makakatanggap ka ng abiso na maaari nang

ibigay ang iyong Card ng Indibidwal na Numero. Kung pipiliin mong kunin ang Card sa tanggapan ng munisipyo, pakidala ang sumusunod na tatlong bagay. Ang unang pagbibigay ay libre.

- ✓ Card ng abiso
- ✓ Abiso ng pagbibigay (natanggap pagkatapos ng aplikasyon)
- ✓ Personal na ID (lisensya sa pagmamaneho, passport, card ng residente, atbp.)

4. Ano ang Card ng Indibidwal na Numero?

- ◆ Pinapatunayan ng card na ito ang iyong Indibidwal na Numero at pagkakakilanlan sa anumang mga pamamaraan na nauugnay sa Indibidwal na Numero. Nagsisilbi rin ito bilang iyong opisyal na ID card.
- ◆ Maaari kang magdagdag ng electronic na certificate sa Card nang libre at magagamit mo ito para sa mga online na pagbabalik ng buwis.
- ◆ Maaari mo ring gamitin ang Card upang tumanggap ng mga serbisyong inaalok ng iyong lokal na pamahalaan gaya ng nakasaad sa mga ordinansa nito (hal., mga serbisyo sa pampublikong library, pagbibigay ng mga certificate sa pagpaparehistro na may selyo). Pinapahintulutan ng ilang munisipyo ang mga convenience store na magbigay ng mga pampublikong certificate.
- ◆ Mananatiling may bisa ang iyong Pangunahing Card sa Pagpaparehistro bilang Residente hanggang sa petsa ng expiration nito. Gayunpaman, dapat mo itong ibalik kapag nakakuha ka na ng Card ng Indibidwal na Numero.
- ◆ Nasa IC chip sa Card ng Indibidwal na Numero ang iyong pangalan, address, petsa ng kapanganakan, kasarian, Indibidwal na Numero at iba pang impormasyong nakasulat sa card, at pati na rin sa electronic na certificate kung naaangkop. Walang itatalang personal na impormasyon na lubos na sensitibo, gaya ng iyong kita.

5. Mga pag-iingat sa pangangasiwa ng Indibidwal na Numero

- ◆ Walang sinumang pinapayagang gumamit o mangolekta ng Mga Indibidwal na Numero maliban na lang kung pinapahintulutan ng batas. Huwag basta-bastang ipakita ang iyong Indibidwal na Numero sa ibang tao.
- ◆ Papatawan ng parusa ang sinumang kukuha ng Mga Indibidwal na Numero ng ibang tao nang labag sa batas at sinumang awtorisadong tao na nangangasiwa ng Mga Indibidwal na Numero ng ibang tao na magbibigay sa isang third party ng talaan na naglalaman ng Mga Indibidwal na Numero at iba pang sensitibong personal na impormasyon sa paraang labag sa batas.

6. Impormasyon sa pakikipag-ugnayan

- ◆ Impormasyon ng call center
0570-20-0178 (Japanese)
0570-20-0291 (English, Chinese, Korean, Spanish at Portuguese)
[Hanggang sa Setyembre 30, 2015]
9:30-17:30 tuwing weekday (sarado tuwing weekend, pista opisyal ng bansa at pista opisyal kapag magtatapos ang taon/Bagong Taon)
[Oktubre 1, 2015 hanggang Marso 31, 2016]
9:30-20:00 tuwing weekday, 9:30-17:30 tuwing weekend at mga pista opisyal
Tandaan: Malalapat ang mga singil sa tawag dahil ang mga ito ay serbisyo ng Navi-Dial.



Pakiingatan ang iyong Indibidwal na Numero.
Habambuhay na ang bisa nito.